



RESOLUSYON SA WORKERS UNITED-SEIU TUNGKOL SA PAMAMAHAGI AT PAGSASAAYOS NG LOGISTICS

KUNG SAAN ang Workers United-SEIU ay kumakatawan sa libo-libong manggagawa sa pamamahagi at logistics, bumubuo sa 23%, ang pinakamalaking iisang segment, ng ating mga miyembro; at

KUNG SAAN ang pamamahagi at logisitics ay isa sa mga pinakamabilis na lumalagong sektor ng ekonomiya ng U.S., at halos dumoble ang non-supervisory na employment sa sektor ng warehousing at imbakan (NAICS 493) sa huling dekada, at inaasahang magpatuloy ang mabilis na paglago pagkatapos ng bahagyang pagbagsak na resulta ng pandemya ng coronavirus; at

KUNG SAAN ang kundisyon ng employment sa pamamahagi at logistics ay hindi maganda, kung saan mga pansamantala at pang-ahensyang trabaho, mabababang sahod, kakaunting benepisyo, hindi komportable at masama sa katawanng mga kapaligiran, mataas na pressure, pagbabantay, at mapang-abusong pamamahala ang nakasanayan; at

KUNG SAAN ang pandemya ng coronavirus ay nagsanhi ng karagdagang pressure sa mga manggagawa sa pamamahagi at logistics, na may kakulangan sa PPE at social distiancing, at kakulangan ng transparency tungkol sa mga kaso ng impeksyon, na nagreresulta sa galit at mga askyon sa trabaho ng maraming manggagawa; at

KUNG SAAN ang pag-oorganisa sa pamamahagi at logistics ay nakatagpo ng malalaking sagabal, kabilang sa pinakamahalaga ang malalaking bilang ng mga pansamantalang manggagawa at manggagawa sa ahensya, mataas na turnover, mahirap na pag-access, mga 3PL na employer, matinding paglaban sa employer, at dysfunctional na NLRA; at

KUNG SAAN ang pag-oorganisa ng mga manggagawa sa pamamahagi at logistics sa U.S. at Canada, sa pag-uugnay ng kanilang pakikibaka sa mga manggagawa sa mga pandaigdigang chain ng supply ng mga retailer, ay kayang gumawa ng mga mabisang pampublikong kampanya at ng pampublikong salaysay ng Workers United-SEIU at SEIU bilang nangunguna sa pandaigdigang laban para sa mga karapatan, hustisya at trabaho ng mga manggagawa nang may dangal;

SAMAKATUWID, NAPAGPASYAHAN NA, bibigyang-prioridad ng Workers United-SEIU ang pag-oorganisa ng mga manggagawa sa pamamahagi sa USA at Canada.

22 S. 22nd Street, Philadelphia, PA 19103

Telepono: 646-448-6414

Fax: 215-575-9065

www.workersunited.org
2020

Hulyo 7,